Maka-Diyos na Sambahayan

NOTES

WARM-UP

- Ano ang paboritong pelikula ng pamilya mo? Bakit ninyo ito paborito?
- Ibahagi ang isang bagay na natutunan mo sa iyong magulang o tagapangalaga.
- Kung hindi magiging hadlang ang pera, ano ang trabaho na gusto mo?

WORD

At anuman ang ginagawa ninyo, sa salita man o sa gawa, gawin ninyo ang lahat bilang mananampalataya sa Panginoong Jesus, at magpasalamat kayo sa Diyos Ama sa pamamagitan niya. **MGA TAGA-COLOSAS 3:17**

Sa pagpapatuloy ni Apostol Pablo ng kanyang liham para sa iglesya sa Colosas, nagbigay siya ng mga praktikal na mga panuntunan at mga prinsipyo na dapat agad na ipatupad. Ang lahat ng ating mga sinasabi at ginagawa, bilang mga Kristiyano, ay para sa kaluwalhatian at karangalan ng Diyos. Dapat tayong mamuhay sa katotohanan ng kung sino si Cristo, ano ang ginawa Niya para sa atin, at sino tayo ngayon sa Kanya. Sa araling ito, ating titignan ang mga praktikal na maaaring gawin upang mamuhay para kay Cristo sa ating mga pangunahing relasyon at mga kasama sa tahanan, sa pamamagitan ng pagtingin sa relasyon sa pagitan ng mag-asawa, magulang at anak, at trabahador at pinuno nito.

1 Pagmamahal at Pagpapasakop

[18]Mga babae, magpasakop kayo sa asawa ninyo, dahil iyan ang nararapat gawin bilang mananampalataya sa Panginoon. [19]Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa at huwag ninyo silang pagmamalupitan. **MGA TAGA-COLOSAS 3:18,19**

Ang pag-aasawa ay isang kasunduan na itinakda ng Diyos sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Sa kasunduang ito, ang lalaki ay dapat na mahalin ang babae gaya ng pagmamahal ni Jesus sa iglesya (Mga Taga-Efeso 5:33). Sa iyong palagay, bakit inutusan ni Apostol Pablo ang mga kalalakihan na huwag maging marahas sa kanilang asawa? Bakit kaya niya inutusan ang mga kababaihan na magpasakop sa paraang nararapat para sa Panginoon?

2 Pagsunod at Pagbigay ng Lakas ng Loob

[20]Mga anak, sundin ninyo ang mga magulang ninyo sa lahat ng bagay, dahil kalugod-lugod ito sa Panginoon. [21]Mga magulang, huwag kayong gumawa ng anumang bagay na ikasasama ng loob ng mga anak ninyo para hindi sila panghinaan ng loob.

MGA TAGA-COLOSAS 3:20,21

Gaya ng pagsunod ng mga bata sa kanilang mga magulang, ang mga ama ay dapat na palakasin ang loob ng kanilang mga anak. Ito ay ginagawa para sa ikatutuwa ng Diyos, at hindi ng sinumang miyembro ng ating pamilya o mahal sa buhay. Tayo ay nagmamahal dahil naranasan natin ang walang-kondisyong pagmamahal ng Diyos. Ayon sa mga bersong ito, ano ang nakalulugod sa Diyos? Ano ang nagbubunga ng panghihina ng loob?

3 Kahusayan at ang Takot sa Panginoon

[22]Mga alipin, sundin ninyo sa lahat ng bagay ang mga amo ninyo rito sa lupa. Hindi lang dahil nakatingin sila at nais ninyong malugod sila sa inyo, kundi gawin ninyo ito nang buong puso at may takot sa Panginoon. [23]Anuman ang gawin ninyo, gawin ninyo ito ng buong katapatan na parang ang Panginoon ang pinaglilingkuran ninyo at hindi ang tao. [24]Alam naman ninyong may gantimpala kayong matatanggap sa Panginoon, dahil si Cristo na Panginoon natin ang siyang pinaglilingkuran ninyo.

MGA TAGA-COLOSAS 3:22-24

(Basahin din ang **MGA TAGA-COLOSAS 3:25-4:1.**)

Bagama't noong panahong ito sa Colosas ay may mga alipin sa iglesya, at tayo naman sa kasalukuyan ay may karapatang maging malaya, ang mga patakarang ito ng pagsisilbi ng buong puso ay patuloy pa ring umiiral. Sa lahat ng ating ginagawa, bilang mga Kristiyano, hangad natin ang karangalan ng Diyos. Alam natin na Siya ang nais nating paglingkuran at pasiyahin, at tayo ay nagtatrabaho ng may kahusayan dahil sa kung sino Siya. Paano dapat magtrabaho ang mga trabahador? Paano dapat ituring ng mga pinuno ang mga nagtatrabaho sa ilalim nila?

APPLICATION

- Masasabi mo ba na ang mga relasyon mo ay nakapagbibigay karangalan sa Diyos? Kilalanin ang isang relasyon kung saan kinailangan mo ang tulong at kakayahan ng Diyos upang maging mapagmahal, at sabihin ang isang bagay na sisimulan mong gawin sa ibang pamamaraaan para sa relasyong ito simula ngayong linggo.

- Kilalanin ang isang taong kailangan mong patawarin at mahalin gaya ng pagmamahal ng Diyos sa iyo. Bakit magagawa nating magpatawad? Handa ka bang patawarin ang taong ito? Ano ang gagawin mo upang ipakita ang pagmamahal mo sa taong ito ngayong linggo?

- Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangan ang kahusayan at takot sa Diyos? Ano ang gagawin mo sa ibang pamamaraaan simula ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga tagubilin na ibinigay Niya sa pamamagitan ng Kanyang Salita at sa kakayahan na ibinibigay Niya upang maparangalan natin Siya sa ating mga relasyon.

- Ipanalangin na ang anumang bagay, salita man o gawa, ay gagawin natin sa pangalan ng Panginoong Jesus nang may pasasalamat sa Ama.

- Hingin sa Diyos na pagpalain ang ating mga relasyon at bigyan tayo ng ating mga pangangailangan—pagmamahal, pagpapasakop, pagiging masunurin, at lakas ng loob—upang mamuhay sa paraang nakapagbibigay karangalan at kadakilaan sa Diyos.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph